

“

BAKIT NAPAKARAMI NG IBA'T-IBANG MGA IGLESIYA O DENOMINASYON?

What about...
other churches? - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 5 of 7-MLP Cat No 385526
Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ano Ang Tungkol Sa ...

## IBANG MGA IGLESIYA?



# *Ano Ang Tungkol Sa ... Ibang Mga Iglesiya?*

Katoliko. Baptist. Presbyterian. Luterano. Nakakalito ang mga ito.

Bakit nga ba maraming iba't-ibang mga iglesiya?

Mayroong iba't-ibang mga iglesiya dahil sa iba't-ibang mga katuruan. Ang mga pagkakaiba ay nakababahala ngunit hindi nakapagtataka. Ang gayong mga pagkakaiba ay umiiral na sa pagsisimula ng iglesiyang Kristiyano. Sinabi ni apostol Pablo sa kanyang liham sa kapulungan sa Corinto, "Talaga namang magkakaroon ng pagkakabaha-bahagi sa inyo upang makilala kung sino sa inyo ang mga tapat" (1 Corinto 11:19).

Ano ang gagawin natin sa mga pagkakaibang ito? Anong saloobin ang nais ng Diyos na taglayin natin? Paano natin malalaman kung sino ang mga tapat?

Una, nais ng Diyos na tayo ay maging mapanuri. Mapanlinlang ang maling mga katuruan at bulaang mga tagapagturo. Sinabi ni apostol Pablo, "Hindi ito kataka-taka sapagkat si Satanas man ay nagkukunwaring anghel ng Diyos. Kaya, hindi kataka-taka na ang kanyang mga lingkod ay magkunwaring lingkod ng katuwiran" (2 Corinto 11:14, 15). Paano natin malalaman kung ano ang tama at ano ang mali? Ibinigay sa atin ng Diyos ang katotohanan sa Biblia upang makilala natin ang tamang katuruan at ang maling katuruan.

Sa ating pagkilala sa panganib at pagkaalam na hindi tayo maaaring makiisa sa mga tumatanggap ng maling katuruan, nagpapakita rin tayo ng pagmamahal sa mga kasapi ng gayong mga iglesiya. Hindi natin nais na sila ay mapahamak dahil sa mga plano at pamamaraan ng diyablo. Nais ng Diyos na tayo ay maging mapagmatyag at mapanuri. Ngunit nais din niyang abutin natin ang mga nakabilanggo sa kanilang maling mga paniniwala.

Kung hinahayaan ng isang Kristiyanong iglesiya ang maling katuruan na mahalo sa Salita ng Diyos, nariyan ang tunay na panganib. Inihahambing ng Diyos ang maling katuruan sa nabubulok na sugat sa laman at ipinaaalala sa atin na ang mga bulaang tagapagturo ay "ginugulo nila ang pananampalataya ng iba" (2 Timoteo 2:17, 18). Binabalaan tayo ng Diyos na ang maling mga katuruan ay mapanganib at isang banta sa ating buhay. Nais nating lumayo sa anumang makasasama at makasisira ng ating pananampalataya.

*"Paano natin malalaman kung sino ang mga tapat?"*

Buong pagmamahal nating ipaalam sa iba ang panganib na kanilang kinakaharap para sa kanilang ikabubuti. Mahinahon natin silang paalalahanan tungkol sa maling mga katuruan tulad ng paglalagay natin ng babala sa mga nakalalasong kemikal – upang tulungan ang ibang tao na iwasan kung ano makasasama sa kanila.

Ang maling katuruan ay isang malungkot na katotohanan. Gayon din ang mga iglesiyang nagtataguyod ng maling katuruan.

Dapat tayong maging mapagmatyag ngunit buong pagmamahal din nating ibahagi ang katotohanan sa ibang tao.

